Filipino

# PAG-USAPAN PO NATIN!

البشرى

www.pagusapan.com

مجلة لنتحاور - ملحق مجلة البشرى باللغة الفلبينية

Year 8, Issue 66, 2015 IPINAMIMIGAY NG LIBRE

العدد ٦٦ - أكتوبر - ٢٠١٥ م





## Kapag Dismayado Ka sa Iyong Pag-aasawa

## Surprising Things and Interesting Facts You Didn't Know About Mormons

المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center
UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN ... لنتعارف

جمعية الحياة الخيرية



6

في أرض حمامات الساخنة

## Sa Lupain ng Maiinit na Paliguan



9

حقائق مثيرة حول الاهتمام للمورمون

## Interesting Facts About Mormons



12

خطوط النازمكا في بيروا

## The Lines of Nazca Peru




- Pagtuturo ng wikang arabik.
- Mga panayam tungkol sa mga okasyong pang-islam, mga kapistahan at okasyong pambansa.
- Mga programa sa pakikipagtulungan ng Philippine Embassy sa Kuwait.
- Seminar para sa mga magpapakasal.
- Mga seminar tungkol sa mga tradisyon at kaugaliang kuwaiti.
- Mga Kompetisyong Pangkultura.
- Mga Pamamasyal at Paglilibang.
- Mga Programang Pampalakasan.
- Monthly Magazine ng Center (PAG-USAPAN PO NATIN !).

**Kami po ay malugod na nag-aanyayasa inyong pagbisita sa ating sentro.**


| | |
|---|---|
| Kapag Dismayado Ka sa Iyong Pag-aasawa | 03 |
| Paraan Para Humaba Ang Buhay | 17 |
| Ang Pagsigaw ng Katotohanan at ang Tugon ng mga Mushrikun | 18 |
| Ang Islam ang Relihiyon ng Katamtaman | 19 |
| Ang Sining sa Islam | 20 |
| Ang Nakabaligtad na Retina | 22 |



IPC
لجنة التعريف بالإسلام
ISLAM PRESENTATION COMMITTEE
جمعية النجاة الخيرية

زخرف
Integrated Marketing Communication
www.zukhruf.net

Printing
مطبعة التعريف بالإسلام
Islamic Presentation Printing Press



Year 8
Issue 66
2015

Editor: Ullessis Faeldin Abaya, Columnists: Joselito Tabing, Issa Mohammad Tragua, Brother Muhammad F. Sumaway, Ustad Abubaidah Salud Satol, Ustad Wahibie Tamama, Ustad Muslimin Palami Bhiruar, Sister Sarah Mailyn Rodriguez, Sister Elisea Um Ismael Vallado, Ustadza Pahima Guiabal, Ustadza Halima Mantawil, Photographers: Gervin Callo, Alvin Baltazar, Laurencio Bulosan, Jr., Mohammad Al Sali, Publisher: Kuwait Philippine Cultural Center, Farwaniya, Block 1, Streets 74 corner 72, Bldg. 12, Tel. 24712574, 24756796, Fax(965) 24712574(102), Hotline 97802777, www.kpccenter.com, www.pagusapan.com, Chief Patron: Mohammad Ismail Al-Ansari, General Director: Khalid Abdullah Al-Sabea


Ang Pag-usapan Po Natin! Filipino Magazine ay ang official publication ng KPCCenter. Ang Kuwait Philippine Cultural Center ay isang kalipunan, isang kongregasyon, at isang center kung saan nagtatagpo ang mga layunin para sa kaunlaran sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga Filipino sa Kuwait, ano man ang kanilang relihiyon, tribo, at kasarian. Ang layunin nito ay upang makapagtatag ng isang sentrong pangkultura at pang-edukasyon upang tangkilikin ang lahat ng maiinam na kultura at mga anyo ng edukasyon. Ito rin ay nakikipagkasundo, at lahat ng mga gawain nito ay sa pamamaraang tuwiran at katamtamang pakikitungo, na nag-aanyaya sa lahat upang sama-samang makapagtatag ng bukas na mga talakayan tungkol sa lahat ng aspeto ng pamumuhay.

Ang mga nilalaman, pananaw at mga opinyong nailathala sa magazine na ito ay di kailangang kumatawan ng KPCCenter, kahit pa ito ay isinulat ng isang empleyado nito. Ang lahat ng pagsisikap ay ginagawa upang maiwasan ang pagkakamali sa mga impormasyong nilalalaman ng mga artikulo, ngunit, walang pananagutan kahit anuman ang maaaring ipagpalagay sa magazine na ito o sa tagapaglathala nito, ang KPCCenter.

Para sa mga komento at mga katanungan, mag-e-mail sa: abaya@alnajat.com.kw



# Kapag Dismayado Ka sa Iyong Pag-aasawa

## Kung nasaktan ka man sa sinabi o ikinilos ng iyong asawa, mapalalampas mo ba iyon?

### ANG HAMON

Parang magkasundo naman kayong mag-asawa – oo, bago kayo ikasal. Pero ngayon, nadidismaya ka na sa kaniya at pakiramdam mo, para kayong mag-cell mate sa halip na mag-soul mate.

May magagawa ka para maging masaya ang inyong pagsasama. Pero tingnan muna natin kung bakit ka nadidismaya.

### ANG DAHILAN

**Nakikita na ang realidad ng buhay.** Ang araw-araw na gawain sa bahay, pagpapalaki ng mga anak, at pakikitungo sa kapamilya ng iyong asawa ay posibleng makasira sa maligayang pagsasama. Ang mga di-inaasahang problema, gaya ng pagiging gipit sa pera o pag-aalaga [o pagtostos] sa isang kapamilya na may sakit, ay posible ring makasira sa pagsasama ng mag-asawa.

**Parang hindi na maaayos ang pagkakaiba sa ugali.** Kapag magkasintahan pa lang, bale-wala sa lalaki't babae ang pagkakaiba nila sa ugali. Pero kapag kasal na, nakikita na nilang magkaibang-magkaiba pala sila sa paraan ng pakikipag-usap, paghawak ng pera, paglutas ng problema, at iba pa. Kung dati ay napapalampas nila ang mga iyon kahit naiinis sila,

baka hindi na ngayon.

**Wala nang konsiderasyon sa damdamin ng isa't isa.** Sa paglipas ng panahon, naiipon ang masakit na salita o kilos at ang di-nalulutas na mga problema ng mag-asawa. Dahil dito, hindi na nila sinasabi sa isa't isa kung ano ang nadarama nila, o mas malala pa, napapalapit sila sa iba.

**Di-makatotohanang mga inaasahan.** Ang ilan ay nag-aasawa sa pag-aakalang natagpuan na nila ang taong nakalaan para sa kanila. Bagaman may pagkaromantiko ang ideyang iyan, maaari itong pagmulan ng malaking problema. Kapag nagkaproblema, ang iniisip nilang "perfect match" ay naglalaho, anupat pareho silang nakadaramang nagkamali sila.

## ANG PUWEDE MONG GAWIN

**Magpokus sa magagandang katangian ng iyong asawa.** Subukan ito: Isulat ang tatlong magagandang katangian ng iyong asawa, marahil sa likod ng isang maliit na litrato ng inyong kasal o sa iyong gadyet. Lagi mo itong tingnan para maalaala mo kung bakit mo pinakasalan ang iyong asawa. Kapag nagpokus ka sa magaganda niyang katangian, magiging masaya ang pagsasama ninyo at mapagpapasensiyahan mo siya.

**Mag-ukol ng panahon.** Bago ikasal, malamang na naglalaan kayo ng panahon para mamasyal. Masaya ito at exciting, at talagang iniskedyul ninyo ito. Bakit hindi ninyo ulit gawin iyon? Magplano para makasama ninyo ang isa't isa, na para kayong nagde-date. Sa paggawa nito, lalo kayong mapapalapit sa isa't isa at mahaharap ninyo ang di-inaasahang mga problema.

**Kapag dumaranas ka ng kapighatian, huwag mo agad isiping nagkamali ka sa iyong pag-aasawa.**



**Sabihin ang nadarama.** Kung nasaktan ka man sa sinabi o ikinilos ng iyong asawa, mapalalampas mo ba iyon? Kung hindi, huwag mong daanin sa di-pagkibo. Sa mahinahong paraan, sabihin mo agad ito sa kanya, sa araw ding iyon hangga't maaari.

**Alamin ang pagkakaiba ng iyong damdamin at ng intensiyon ng iyong asawa.** Malamang na hindi naman ninyo intensiyong saktan ang isa't isa. Tiyakin mo ito sa iyong asawa sa pamamagitan ng taimtim na paghingi ng tawad. Pagkatapos, pag-usapan ninyo ang puwede ninyong gawin para hindi ninyo masaktan ang damdamin ng isa't isa. Sundin ang payo ng



[kasulatan]: “Maging mabait kayo sa isa’t isa, mahabagin na may paggiliw, lubusang nagpapatawaran sa isa’t isa.”

**Maging makatotohanan sa mga inaasahan.** Sinasabi ng [kasulatan] na ang mga nag-aasawa ay “magkakaroon ng kapighatian.” Kapag dumaranas ka ng gayong kapighatian, huwag mo agad isiping nagkamali ka sa iyong pag-aasawa. Sa halip, pagtulungan ninyong lutasin ang problema at “patuloy ninyong pagtiisan ang isa’t isa at lubusang patawarin ang isa’t isa.”

## TUPARIN ANG IYONG PANATA SA KASAL

Natatandaan mo pa ba ang iyong panata noong ikasal ka? Bakit hindi mo iyon alalahanin at tanungin ang sarili, ‘Natutupad ko ba ang aking panata?’ Iwasan ang tendensiyang ipasa sa iyong asawa ang tanong na iyan. Ang mga salitang sinabi mo sa iyong panata ay tungkol sa mga gagawin mo. Kung bawat isa sa inyo ay tutupad sa kani-kaniyang panata, malamang na pareho kayong magiging maligaya. (Gumising!) ■

# Alam mo na ba?

## Wanted: Asawa Mula sa Asia

“Dumarami ang mga lalaki mula sa mayayamang bansa sa Asia gaya ng Hapon at Timog Korea na naghahanap ng mapapangasawa mula sa mas mahihirap [na bansa sa Asia] gaya ng Vietnam at Pilipinas,” ang ulat ng pahayagang Business World sa Pilipinas na mababasa sa Internet. Sa pagitan ng 1995 at 2006, tumaas nang 73 porsiyento ang bilang ng mga lalaking Hapones na nag-asawa ng taga-ibang bansa. Bakit? “Ang kababaihan sa kanilang bansa na may-kaya sa buhay ay pihikan,” ang sabi ng ulat, at mas atubiling magpakasal. Samantala, ang mga babae mula sa mas mahihirap na bansa ay handang magpakasal kahit sa mga trabahador sa mas mayayamang bansa dahil “nag-aalok [sila] ng mas magandang buhay.”






# Sa Lupain ng Maiinit na Paliguan

Mahigit 2,000 taon na ang nakararaan, itinatag ng mga Celt ang isang pamayanan na malapit sa isang lugar na maraming bukal at binigyan ito ng pangalang Ak-Ink, na nangangahulugang “Saganang Tubig.” Sa ngayon, kilala ang Ak-Ink bilang Budapest – ang kabisera ng Hungary at isa sa mga pinakamatandang lunsod ng Europa. Nasiyahan ang mga unang naninirahan doon sa paminsan-minsang paglangoy o pagrerelaks sa maiinit na bukal na nakagiginhawa at nakaaalis ng sakit ng katawan.

Noong unang siglo C.E., napasailalim sa pamahalaang Romano ang bahaging ito ng Europa. Pinalawak ng mga Romano ang pamayanang ito at nagtayo roon ng kampong militar na tinawag nilang Aquincum. Sinasabing ang pangalang Aquincum ay galing sa salitang Celt para sa tubig o mula sa katagang Latin na aqua quinque na ang ibig sabihin ay “limang katubigan.” Nagtayo ang mga Romano ng



mga paagusan ng tubig, imburnal, at mga pribado at pampublikong paliguan. Oo, mahaba ang kasaysayan ng mga paliguan sa Budapest.

Ilang siglo matapos humina ang Imperyo ng Roma, muli na namang tinangkilik ang mga paliguan. Noong ika-15 siglo, pinuri ng mga manunulat nang panahong



iyon ang maiinit na paliguang malapit sa kabisera ng Hungary. Dahil dito, lalong nakilala ang lunsod ng Budapest. Sinasabing gumawa si haring Matthias Corvinus, na namuno sa Hungary mula noong 1458 hanggang 1490, ng daanang may bubong na nagdurugtong sa palasyo at sa kaniyang paboritong paliguan, ang Paliguang Rácz. Kaya naman, maaaring puntahan ang paliguan anuman ang lagay ng panahon.

Noong ika-16 at ika-17 siglo, sinakop ng mga Turko ang malaking bahagi ng Hungary, pati na ang kabisera nito. Nagtayo sila ng mga paliguan kung saan ang naliligo ay maaaring magbabad sa mainit na tubig at masiyahan sa mainit na singaw. Gumawa rin sila ng mga paliguang may mainit na tubig lamang. Ang mga paliguang ito ay may mahalagang papel kapuwa sa seremonyal na paliligo sa relihiyong Islam at sa karaniwang buhay ng mga Turko. Ang kahanga-hangang mga paliguan ng mga Turko ay may bubong na hugis-bao at mga hagdan. Hanggang balikat ang tubig nito. Gayundin, nakapalibot sa paliguan ang mga bathtub at mga pahingahan. Hindi magkakasama ang mga lalaki at babae sa paggamit ng mga paliguang ito. Ginagamit pa rin sa ngayon ang ilan sa mga paliguang ito.

Noong 1673, sinabi ng isang babasahin tungkol sa paglalakbay na ang mga paliguan sa lugar



na kilala ngayong Budapest ay kabilang sa pinakamagagandang paliguan sa Europa dahil sa “maraming mainit at nakapagpapagaling na mga bukal nito gayundin dahil sa laki at ganda ng mga gusali ng mga paliguan nito.” Noong ika-19 na siglo, naging tanyag ang isa pang uri ng paliguan – ang Finnish steam bath, o sauna. Sa kalaunan, nakilala rin sa Budapest ang paliguang ito at iba pa, gaya ng mga steam room at mga paliguang may malamig sa tubig.



## Kayarian ng Lupa ng Budapest

Sa Budapest, mga 70 milyong litro ng tubig sa isang araw ang bumubulwak sa 123 maiinit na bukal nito. Mayroon din itong 400 bukal na may mapait na tubig. Bakit kaya gayon karami ang tubig sa lugar na ito? Dahil ito sa kayarian ng lupa ng Budapest.

Ang ilog ng Danube, na dumadaloy sa Budapest, ay umaagos sa pagitan ng mga burol ng Buda, na nasa kanlurang pampang, at sa mababang kapatagan ng Pest, na nasa silangang pampang naman. Noong unang panahon, bahagi ng dagat ang lugar ng Budapest kung kaya naman nagkaroon dito ng mga deposito ng batong apog at dolomite. Ang mga batong ito ay nabalutan ng mga suson ng putik, marlstone, buhangin, at karbon.

Tumatagos ang tubig-ulan sa mga bitak ng lupa. Kapag umabot ang tubig sa ilalim ng lupa, umiinit ang tubig dahil sa maiinit na batong mayaman sa mineral. Dahil sa presyon, ang umuusok na tubig ay bumubulwak pabalik sa mga bitak o balon sa ibabaw ng lupa.

Ang ganitong kayarian ng lupa ay hindi lamang makikita sa Budapest kundi sa buong Hungary din naman. Kaya ipinagmamalaki ng maraming tagaroon ang kanilang tubig na mayaman sa mineral at magagandang paliguang pinaniniwalaan ng ilan na nakagagamot at nakapagpapagaling. (Gumising!)

BUHAY OFW

Abdullah Joselito Tabing





Photo by Alvin Baltazar

# Ang Pagbabalik

By LEE CANETE

### IKA-LIMANG YUGTO – ANG SIMULA NG BANGUNGOT SA BUHAY KO

Dumating ang isang pangyayaring nagpabago sa takbo ng buhay ko. Iyon ang naging simula ng pagdurusa't hirap na kahit sa hinala ay hindi sumagi sa isipan ko na mangyayari sa akin. Na-ospital nun si Madam dahil inoperahan sa sakit sa bato. Kailangan manatili ng ilang araw sa ospital upang magpagaling ng husto. At dahil kailangang may magbantay ay laging nasa ospital din si Chandrika. Sa unang gabi pa lang na kami lang ni Sir sa bahay ay nangyari ang BANGUNGOT ng buhay ko.

Bandang alas diyes ng gabi nuon ng tawagin ako ni Sir sa kwarto nya. Sinabihan nya akong masahihin ko sya. Sa kabila ng pagtanggi at pagsabing hindi ako marunong ay nagpumilit pa rin sya. Ang sabi nya ay sa likod lang daw dahil napagod sya sa trabaho nya. Wala akong nagawa kundi lumapit sa kanya na nuon ay nakahiga na sa kama nila. Pinakuha nya ang lotion na nakapatong sa dresser ni Madam. Pagbalik ko ay nagulat ako dahil wala na syang damit pang-itaas, tangging karsonsilyo na lamang ang suot nya.

Akma akong lalabas ng kwarto ng sigawan nya ako at sabihing lumapit at masahihin sya. Nanaig ang takot ko sa kanya na baka saktan nya ako kapag hindi ako sumunod. Dumapa sya sa kama at sinabing umpisahan ko ang pagmasahe sa likod nya. Inumpisahan ko syang masahihin ng nakatayo ako at malayo sa kanya, pilit ko lang inaabot ang likuran nya at pinapahiran ng lotion. Sinabihan nya akong umupo sa tabi nya at diinan ang pagmasahe. Pag upo ko sa kama ay bigla syang tumihaya at hinawakan ako sa magkabilang braso. Nagulat ako dahil nakatayo ang ari nya, tandang nilulukuban na sya ng mala demonyong pagnanasa sa akin. Inihiga nya ako sa kama at kinubabawan, nagpupumiglas ako at nagmakaawa sa kanya. "Sir, please don't do this" umiiyak na sabi ko sa kanya. Sinampal nya ako na halos ikabingi ko, sabay sabi sa akin na ibigay ko ang gusto nya kung hindi ay papatayin nya ako. Wala raw akong magagawa dahil kami lang ang nasa bahay na iyon.

Nagsisigaw at nagpupumiglas ako pero sampal lagi ang naging sagot nya sa akin. Hindi ako makapiglas dahil sa kaliitan ko at sa laki ng katawan nya ay halos imposibleng makawala ako sa pagkakadagan nya sa akin. Habang hawak ng isang kamay ang leeg ko ay mabilis na hinubaran nya ako gamit ang kabilang kamay nya. Sa tuwing magtatangka akong sumigaw ay sinasampal nya ako. Naubusan na ako ng lakas sa kakapiglas, wala na akong nagawa kundi ang humagulgol ng iyak habang ginagawa nya ang kanyang kademonyohan sa akin. Muli nya akong pinagbantaan na papatayin kung magsusumbong kahit kanino, lalo na sa asawa nya. Panay ang iyak ko, ilang beses kong tinawag ang pangalan ng mga anak ko, wari'y humihingi ng tulong sa kanila.."Angel..Adrian..mga anak ko."

Nang makatapos sya ay inakala kong hahayaan na nya akong makaalis ng kwarto nya. Pero hindi pa pala dun matatapos ang paghihirap ko. Bigla nya akong hinawakan sa katawan at idinapa, sabay hawak sa aking balakang at pilit na ipinapasok ang sarili nya sa aking likuran. Nagwawala na ako sa pagpiglas dahil naunawaan ko na ang gusto nyang mangyari, at alam kong hindi ko kakayanin ang gusto nyang gawin sa akin. "NO SIR PLEASE!" Ang sigaw ko sa kanya habang panay ang pilit kong makaalpas sa pagkakahawak nya sa katawan ko. Please Sir HARAM!, habang humahagulgol ako ng iyak. Bigla nya akong sinuntok sa tagiliran na ikinawala na aking malay, tuluyan na akong nanlambot at nawalan ng lakas. Hindi ko na nalaman kung ano pa ang sumunod na nangyari.

Ang namalayan ko na lang nang magising ako ay nasa kama ko na ako, nakahubad, napakasakit ng aking katawan, lalo na ang aking likuran na ginamit ng hayop na amo ko. Muli akong napahagulgol ng iyak, ang mga anak ko ang pumasok sa isipan ko. Kahit masakit ang buong katawan ko ay pinilit kong tumayo at nagpunta sa banyo, hinayaan kong umagos ang tubig ng shower sa buong katawan ko habang nakaupo ako sa sahig ng paliguan at umiiyak. Inisip ko na sana ay magawang hugasan ng tubig ang masamang nangyari sa akin.

*TO BE CONTINUED (gmanetwork.com/news/story) (Ang buong kwento ay makikita sa ating website: www.pagusapan.com)*



# Surprising Things and Interesting Facts You Didn't Know About Mormons

**Mormonism has entered mainstream consciousness. 2012 had not one but two Mormon presidential candidates (in the US election), and the "Book of Mormon" is a Broadway smash hit. Still, many of us remain in the dark about the Mormon faith.**

**Although Mormonism is considered a branch of Christianity, many people outside of the faith find some Mormon beliefs and practices a bit odd. As you explore these tenets of the Mormon faith, remember: what's weird to you is normal to someone else.**



Mormons are Christians who believe that God was once an ordinary human being who lived on earth like any other man. Mormons teach that God has a flesh-and-body just like a human man's, and that he was once a mortal being like us.

It is one of the fastest growing religions in America, and the CIA and the FBI have Mormon recruitment programs due to Mormons' strong morals that make them ideal candidates for law enforcement and intelligence careers.







A recent study found that Mormons can identify other Mormons by looking at their skin. Mormons typically abstain from caffeine, alcohol, cigarettes, and other lifestyle choices that can effect skin appearance.

The Church abandoned polygamy in 1890, but it was not until nearly two decades later that authorized plural marriages ceased completely. The vast majority of Mormons today do not support polygamy.






Mormonism teaches that every person lived as a spirit before a birth. Married couples are encouraged to have children as a way of providing bodies for these spirits.




Mormonism encourages marrying couples to have their marriage sealed in the temple, which makes it a celestial, or eternal, marriage. The average age of marriage for Mormons is approximately 23, less than the U.S. average of 27.




Mormons believe that the devil and Jesus are brothers.



The Book of Abraham says that there is a planet called Kolob which is near God's throne. However, many Mormons interpret this as metaphorical, rather than literal.





Joseph Smith believed that the Garden of Eden was in Jackson County, Missouri, USA



Mormon founder and Prophet Joseph Smith taught that there was life on the moon.




"The whole armor of God" is a Biblical metaphor used to describe the underwear that some Mormons wear. The garments – a white undershirt and white boxer brief-style shorts or pants – are adorned with symbols to remind Mormons of their covenants.



Mormons teach that humans are gods and goddesses in embryo, spirit children of God who have entered into mortality in order to gain a physical body.

By Sarah Mailyn Rodriguez

# The Lines of Nazca Peru







In the Peruvian Desert, about 200 miles south of Lima, there lies a plain between the Inca and Nazca (sometimes also spelled Nasca) Valleys. Across this plain, in an area measuring 37 miles long and 1-mile wide, is an assortment of perfectly-straight lines, many running parallel, others intersecting, forming a grand geometric form. In and around the lines there are also trapezoidal zones, strange symbols, and hundreds of individual figures range in complexity from simple lines to stylized hummingbirds, spiders, monkeys, fish, sharks, orcas, and lizards all etched on a giant scale that can only be appreciated from the sky.

The figures come in two types: biomorphs and geoglyphs. The biomorphs are some 70 animals and plant figures that include a spider, hummingbird, monkey and a 1,000-foot-long pelican. They are grouped together in one area on the plain. Some archaeologists believe they were constructed around 200 BC, about 500 years before the geoglyphs.

There are about 900 geoglyphs on the plain. Geoglyphs are geometric forms that include straight lines, triangles, spirals, circles and trapezoids. They are enormous in size. The longest straight line goes nine miles across the plain.


The designs are shallow lines made in the ground by removing the reddish pebbles and uncovering the whitish/grayish ground beneath. Due to its isolation and to the dry, windless, and stable climate of the plateau, the lines have mostly been naturally preserved. Extremely rare changes in weather may temporarily alter the general designs. As of recent years, the lines are said to have been deteriorating due to an influx of




• The astronaut



• The Monkey



• The Spider




• The heron

squatters inhabiting the lands.

Though discovered by Peruvian archaeologist Toribio Mejia Xesspe who spotted them while hiking through the surrounding foothills in 1927, the forms are so difficult to see from the ground that they were not widely known until the 1930s when aircraft spotted them while surveying for water. The plain, crisscrossed, by these giant lines with many forming rectangles, has striking resemblance to a modern airport. The Swiss writer, Erich von Daniken, even suggested they had been built for the convenience of ancient visitors from space to land their ships. As tempting as it might be to subscribe to this theory, the desert floor at Nazca is soft earth and loose stone, not tarmac, and would not support the landing wheels of either an aircraft or a flying saucer. Scholars differ in interpreting the purpose of the designs, but in general, they ascribe religious significance to them. (unmuseum.org/wikipedia.org)




• The hummingbird



• The hands



• The dog



• The condor

# MAGTAWANAN TAYO

(Kung natawa ka na noon, tawa na ulit ngayon…)





JUAN: Inday, ang ganda-ganda mo talaga at napakabait pa!
INDAY: Lahi kasi kami ng kastila! Ikaw, anong lahi ka?
JUAN: Lahi kami ng sinungaling!

JUAN: Doc, meron ho akong madidilaw na ngipin… ano ho ang marerekomenda nyo?
DENTISTA: (tinitingnan) Kurbatang maroon!

JUAN: Tekla tingnan mo may patay na ibon oh…
TAKLA: (TUMINGALA) Saan?

JUAN: kahit tindero lang ako ng fishball, me anak ako sa Ateneo, UP at LaSalle!
PEDRO: Wow, ano course?
JUAN: Ala, titinda din ng fishball!

KID: yaya look, boats!
YAYA: dows are not boats, dey are yachts
KID: yaya, spell yachts?
YAYA: yor rayt, dey are boats.

Tatlong lasing, sumakay sa nakaparadang taxi. Inistart ng driver ang taxi.
DRIVER: Dito na po tayo!
LASING 1: Salamat!
LASING 2: Eto bayad!
LASING 3: Pare next time bagalan mo takbo!

Habang nasa salamin si misis…
MRS: Honey, ang tanda ko na, mataba, puro kulubot at pangit na!
MR: At least, malinaw pa ang mata mo!
MRS: Grrr!

Gay pageant…
EMCEE: So how did you get here? Did you ride or did you walk?
BADING: Of course, did you ride! What do you think of me, did you walk?

FADER: Lahat ng gusto mag-donate, tumayo pagtugtog ng organ. Sige tugtog.
ORGANISTA: Fader ano po tugtogin ko?
FADER: Bayang magiliw… perlas ng silanganan…!

JUAN: Sori po, di ako makakabayad ng upa this month!
LANDLORD: Ano? Yan din ang sinabi mo last month!
JUAN: Ako po kasi ay taong may isang salita!

JUAN: Mamang pulis, awatin nyo po itay ko!
PULIS: Sino ba dyan sa dalawang nag-aaway ang tatay mo?
JUAN: Yan nga po ang pinag-aawayan nila!

GURO: Ganyan talaga iha, pag maganda karaniwan bobo, pag MATALINO madalas PANGIT!
MARIA: Salamat po mam, ang TALI-TALINO nyo talaga!

CUSTOMER: Ang linis talaga ng resto nyo!
WAITER: Salamat po, bakit po nyo nasabi?
CUSTOMER: Kasi lahat ng pagkain nyo, LASANG SABON!

WAN: Doc, I accidentally swallowed a chicken bone.
DOC: Is it choking?
WAN: It's maxs
DOC: I didn't mean chowking, I said, are you choking?
WAN: No, Im serious!

Alamat ng batang masarap batukan…
BATA: Ale, may skats tape kayong tigpipiso?
ALE: Meron.
BATA: Magkano po?

GURO: Misis pinatawag kita dahil ang salbahe ni Juan pagkagaling ng bakasyon!
INA: Aba mam, dalawang buwang salbahe yan sa bahay pero di kita pinatawag!



# Lesson 53

| Kahulugan sa Tagalog | Pagsasaling Titik | Salitang Arabik |
|---|---|---|
| Siya ay sumulat (pangnakaraan) (panlalaki) | kataba | كَتَبَ |
| Isulat (Utos) | uktub | اُكتُب |
| Siya ay sumusulat | yaktub | يَكتُب |
| Manunulat | katib | كاتِب |
| Aklat | kitab | كِتَاب |
| Mga aklat | kutub | كُتُب |
| Pagsusulat | kitabah | كِتَابة |
| Tanggapan | maktab | مَكتَب |
| Mga tanggapan | makatib | مَكاتِب |
| Aklatan | maktaba | مَكتَبة |
| Nakasulat (panlalaki) | maktub | مَكتوب |
| Nakasulat (pambabae) | maktuba | مَكتوبة |
| Nakasulat (pangmaramihan) | maktuben | مَكتوبين |

***Para sa mga Filipinong nais mag-aral ng Arabik, tumawag lamang sa KPCCenter,*** 24712574 ***or*** 24756796 ***extentions*** 112 ***sa mga babae, at*** 102 ***sa mga lalaki.***



# Paraan Para Humaba Ang Buhay



By Dr. Willie T. Ong
(Internist-Cardiologist)

Heto ang mga epektibong paraan para humaba ang iyong buhay. Sana ay sundin niyo ang mga payong ito:

**MAG-RELAX –** Magbawas ng stress sa buhay. Kapag lagi kang galit at mainitin ang ulo, tataas ang iyong stress hormones sa katawan.

**SURIIN ANG IYONG VITAMINS AT SUPPLEMENTS –** Ang pinakamagandang supplement ay ang Omega-3 fish oil. Ito'y napatunayang nagpapahaba ng buhay dahil pinapaluwag nito ang ating mga ugat.

**MAGDASAL –** Ayon sa pagsusuri, ang mga taong madasalin at masayahin ay mas mahaba ang buhay kumpara sa mga hindi naniniwala sa Diyos.

**MAGPABAKUNA –** Malaki ang tulong ng bakuna para makaiwas sa sakit. May mga bakuna laban sa hepatitis B, pulmonya, trangkaso, at iba pa. Magpakonsulta sa doktor.

**UMIWAS SA ALAK –** Ang alak ay nakasisira sa ating ugat, utak at atay. Huwag na lang uminom.

**MAGPATINGIN SA MAGALING NA DOKTOR –** Ang trabaho ng isang doktor ay ituro sa iyo ang dapat ipa-test sa iyong katawan. Magpa-blood test, urinalysis, X-ray at ECG bawat 1 o 2 taon.

**MAG-EHERSISYO –** Ayon sa mga eksperto, kahit konting ehersisyo lang ay makatutulong na sa kalusugan. Mag-lakad, gamitin ang hagdan, at maglinis ng bahay.

**MAG-ISIP NG POSITIBO** (Positive thinking) – Laging mag-isip ng maganda tungkol sa iyong sitwasyon at kapwa. Magbasa o manood ng mga "good news" lamang.

**TUMULONG SA KAPWA –** Ayon sa pagsusuri, ang taong matulungin ay nagiging mas masaya at mas healthy kumpara sa iba.

**UMIWAS SA BISYO AT PELIGRO –** Huwag sumabak sa mga bisyo na makasasama sa iyo. Iwas sigarilyo, iwas alak at iwas drugs. Mag-isip muna bago mag-desisyon.

**Kumain ng 2 tasa ng iba't-**ibang prutas araw-araw. Ang pinakamasustansyang prutas ay ang saging, kamatis, mansanas at dalandan.

**Kumain ng 2 tasa ng** maberdeng gulay araw-araw.

**Kumain ng matatabang isda** tulad ng sardinas, bangus, salmon, mackerel, tamban, tilapia, tunsoy at hasa-hasa.

**MAGPAPAYAT –** Alamin ang iyong tamang timbang at piliting maabot ito. Piliin ang pagkain base sa kabutihan na maidudulot sa ating katawan.

**UMINOM NG GAMOT SA HIGH BLOOD AT DIABETES KUNG KINAKAILANGAN –** Kung ang presyon mo ay lampas sa 140 over 90, ang ibig sabihin ay may altapresyon ka. Kung ang iyong fasting blood sugar ay lampas 125 mg/dl, ang ibig sabihin ay may diabetes ka na. Kumonsulta sa doktor at itanong ang dapat inumin na maintenance na gamot.

**ALAMIN ANG SAKIT –** Magbasa at aralin ang iyong sakit. Kung mas maaga kang magpapa-check-up, mas maaga nating malulunasan ang iyong nararamdaman.

**ITIGIL ANG SIGARILYO –** Tinatayang 6 na taon ang mababawas sa iyong buhay kung ika'y naninigarilyo. Itigil na po ang paninigarilyo at siguradong hahaba ang iyong buhay. (mind.pinoy.md)

*Ang bahaging ito ay hatid sa inyo ng ICSA - International Institute of Computer Science & Administration. Earn your Bachelor's Degree while Working! Courses offered: ACCOUNTING TECHNOLOGY and BS ENTREPRENEURSHIP / GRAPHICS DESIGNING using: Adobe Photoshop, Adobe Illustrator, CorelDraw, Logos Designing / AIRLINE TICKETING COURSE / Computer Secretarial Course / PC and Laptop Maintenance Course. For more information call 22467301, 22403408, 99302850, 96621592. Ang ICSA ay matatagpuan sa 8th Floor, Panasonic Tower, Maliya, Kuwait City.*



## Mga Kakanin at Panghimagas

# Ginataang Mais

**MGA SANGKAP:**

1 1/2 tasang malagkit
4 na mais na mura
2 niyog, kinudkod
asukal

**PARAAN NG PAGLULUTO:**

1. Gadgarin ang mais sa pamamagitan ng kutsilyo o yadyaran ng papaya.
2. Gatain ang niyog, ibukod ang kakang gata.
3. Pakuluin ang malabnaw na gata.
4. Ihulog ang mais.
5. Isama ang malagkit.
6. Timplahan ng asukal pagmalapit nang maluto ang malagkit.
7. Ihalo ang kakanggata kapag hanguin na.

# Pulboron

**MGA SANGKAP:**

4 puswelong arina
2 puswelong gatas na pulbos
¾ puswelong asukal
½ tasang tinunaw na margarina
¼ puswelong pinipig

**PARAAN:**

1. Salain ang arina hanggang maging pino.
2. Ilagay sa kawali hanggang pumula. Hanguin.
3. Ihalo ang gatas at asukal. Ibuhos ang margarina habang hinahalo.
4. Hulmahin sa pamamagitan ng pantakal ng gatas.
5. Balutin sa iba't ibang kulay na papel o wrapper.



(Source: Piling-piling Lutuing Pilipino, R.P.Nem Singh, G.V.Manaog;Isa-Jecho Publishing Inc.)

Ust. Mohammad F. Sumaway



## Ang Talambuhay ni Propeta Muhammad (saw):

# Ang Pagsigaw ng Katotohanan at ang Tugon ng mga Mushrikun

Ang Propeta Muhammad (saw) ay nagpatuloy sa pag-aanyaya sa mga mamamayan sa Islam hanggang sa ipahayag ang sumusunod na talata: “Samakatuwid, ipahayag mo ng lantaran ang (mensahe ng Allah na) ipinag-utos sa iyo at layuan mo ang mga Mushrikun.” (Al-Hijr 15:94)

Nagsimula na niyang pigilan ang mga paniniwala sa mga pamahiin, na ipinapaliwanag niya ang kawalang-saysay nito sa katotohanan. Nagsabi na rin siya na ang mga rebulto ay walang lakas at kapangyarihan na makagawa ng anumang masama at mabuti. Sinabi rin niya sa mga tao na layuan ang mga masasamang gawain at maling pagpapahalaga sa sarili. Ang katuruan na ito ay laban sa mga naunang pamamaraan sa buhay. Inakala ng mga Quraish na ito ay malaking paghamak sa relihiyon ng kanilang mga ninuno. Ang pinuno ng Makkah ay ipinalagay na ang Islam ay isang panganib sa kanila dahil ito ay nangangahulugan ng pagkakapantay-pantay ng lahat. Ito ay nangangahulugan ng kalayaan sa pag-iisip at sa pananalita. Papaano papayag ang mga pinuno ng Makkah na mangyari ito at pabayaan na lamang ang kanilang mga itinatanging karapatan? Kaya kinakailangan nilang kumilos laban sa Islam sa lalong madaling panahon.

Pagkatapos ng maingat na pag-aaral, napagkasunduan nila na kausapin ng tuwiran ang tiyuhin ng Sugo (saw) na si Abu Talib.

Hihilingin nila na siya ay mamagitan at payuhan ang kanyang pamangkin na tumigil na sa kanyang mga gawain. Nagpasya silang banggitin ang pinakasensitibong bahagi sa buhay ng mga Arabo tulad ng pagdadalang-puri (ancestral pride) ng kanilang mga ninuno. Sinabi nila kay Abu Talib, “O, Abu Talib, sinusumpa ng pamangkin mo ang ating mga diyos, naghahanap ng kamalian sa pamamaraan ng ating buhay, kinukutya ang ating relihiyon at minamaliit ang ating mga ninuno. Nasa sa iyo kung pigilan mo siya o kaya ay pabayaan mong kami ang bahalang kumuha sa kanya.” Ang pagbabantang ito ay nakakakilabot kaya kinausap ni Abu Talib ang kanyang pamangkin alang-alang sa kanyang kaligtasan at sa kaligtasan ng tiyuhin. Gayunpaman ay nagpapatuloy pa rin ang Sugo (saw) sa kanyang pag-anyaya sa relihiyon ng Allah dahil alam niya na ang kanyang mensahe ay puno ng pagtulong ng Allah. Sa matatag na paraan ay nagsabi siya: “Sa tulong ng Allah ay ipagpatuloy ko ang aking mensahe kahit pabayaan ako ng lahat ng aking mga kamag-anak, hindi ako titigil sa pagpapahayag ng katotohanan at hindi ko iiwanan ang aking misyon.” Nasagi ang damdamin ni Abu Talib sa mga salitang ito. Sinabi niya, “Gawin mo kung ano ang nararapat at walang sinumang makakasakit sa iyo habang ako ay buhay.”

*(Mula sa “Ang Selyadong Nektar”, ni Sheikh Safi-ur-Rahman alMubarakpuri)*



Photo by Mohammad Al Sali

Uztaz Wahibie Tamama





# Ang Islam ang Relihiyon ng Katamtaman

## (Walang Kalabisan at Walang Kakulangan)

Ang Islam ay relihiyon ng katamtaman nang walang labis na pagpapaluwag at pagpapabaya o pagpapahirap at pagmamalabis, at ito ay matutunghayan mula sa lahat ng mga gawaing pagsamba at ritwal nito.

At dahil dito ay ipinag-utos ng Allah sa Kanyang Sugo (saw) at sa mga kasamahan at sa mga naniniwala na panatilihin ang pagiging katamtaman na maaari lamang maipatutupad at magampanan sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa dalawang bagay. Una, ang Pagsunod sa Relihiyong Islam, at Paggalang at Pagdakila, Pagpuri at Pagbibigay-dangal sa mga Sagradong Ritwal nito. Pangalawa, ang Pag-iwas sa Pagmamalabis at Pagsuway o Paghihimagsik.

Ang Makapangyarihang Allah ay nagsabi: “Kaya manatili sa matuwid na landas tulad ng ipinag-utos sa iyo, at gayundin yaong kasama mong nagbalik-loob sa Allah, at huwag kayong magmalabis sa hangganan. Katotohanang Siya ang ganap na Nakakakita sa anumang inyong ginagawa.” (Qur’an 11:112)

Ibig sabihin: Manindigan ka sa pagtahak sa landas ng katotohanan hanggang sa abot ng iyong kakayahan nang walang pagmamalabis at pagdaragdag.

Kaya nang habang tinuturuan ng Sugo ng Allah (saw) ang kanyang mga kasamahan sa isa sa mga Gawain ng Hajj, binalaan niya sila tungkol sa pagmamalabis at pinaalalahanan na ito ang dahilan ng pagkawasak ng mga naunang pamayanan. Siya (saw) ay nagsabi: “Maging maingat sa pagmamalabis sa pananampalataya, sapagka’t ang dahilan ng pagkawasak ng mga nauna sa inyo ay ang pagmamalabis sa pananampalataya.” (Ibn Majah: 3029)

At dahil dito sinabi niya (saw): “Inyong ipatupad lamang ang mga gawaing abot ng inyong kakayahan.” (Al-Bukhari: 1100)

At katunayan, ipinaliwanag ng Sugo ng Allah (saw) ang katotohanan ng Mensahe na siyang ipinag-utos sa kanya, at na ito ay hindi dumating upang patawan ng tungkulin ang mga tao nang higit sa abot ng kanilang kakayahan, bagkus ito ay dumating nang may pagtuturo, tumpak na karunungan at kaluwagan. Siya (saw) ay nagsabi: “Katotohanang ang Allah ay hindi nagsugo sa akin upang maging marahas o magdulot ng pinsala, bagkus ako ay Kanyang isinugo bilang isang tagapagturo ng kabutihan sa tao at gawing magaan ang mga bagay para sa kanila.” (Muslim: 1478)

*(Ang Gabay Para sa Bagong Muslim, by Fahd Salem Omer Bahammam)*

ISLAM

Uztaz Muslimin Palami Bhiruar









# Ang Sining sa Islam

"Ang Maykapal ay Maganda at mahal niya ang kagandahan." Ito ang winika ng Propeta Muhammad(saw) mahigit 1,400 taon na ang nakararaan. Winika pa niya: "Mahal ng Maykapal kung kayo ay gagawa ng anomang bagay at gawin nyo ito na may kahusayan." (Iniulat ni Muslim)

Ang ganitong mga kawikaan ng Propeta ay nagtutulak sa mga Muslim na magpaganda at maggayak sa kanilang bahay sambahan, mga tahanan at mga kasangkapan. Ang Arkitektura sa Islam at sining sa pagpapalamuti ay nananatili pa ring buhay at pinahahalagahan sa maraming pook ng mga bansang Muslim.

Naniniwala ang mga Muslim sa pantay at pagkakaisa sa lahat ng bagay na umiiral. Walang anomang bagay na lumitaw nang gayon na lamang at nagkataon lamang, sapagkat ang lahat ng bahagi nito ay kabilang sa layunin ng Lubos na Pinakamatalino, Lubos na Maawaing Tagapaglikha.

Ilan sa mahahalaga sa sining ng Islam ay ang mga sumusunod:

- Ang sining ng Islam ay hinahanap na mailarawan ang kahulugan at kalagayan ng anomang bagay, sa halip na ang kanilang hugis lamang.

- Ang mga kailangan sa paglikha at gawang pagpapalamuti ay itinaas na kabilang sa sining.

- Ang Kaligrapiya ay isang malaking anyo ng sining sa Islam.

- Ang masalimuot na heometriko at mabulaklak na pinagtutularan ay may malaking bahagi na ginagampanan sa sining ng Islam.

- Ang sining ng Islam ay kabilang ang lahat ng uri ng sining, hindi lang ito tumutukoy sa pang-relihiyong sining.

*(source: Fanar Qatar Islamic Cultural Center, fanar.gov.qa)*

# Non-Muslim Holidays: **Christmas**



Our life in this society automatically exposes us to a variety of non-Muslim holidays and other occasions. These impinge on both adults and children. Christmas is a particular problem because of the long duration of the pre-Christmas commercialization and the generalized effort to share the party with everyone. All the decorations, music, and razzle-dazzle, which are reinforced by schools as well as by non-Muslim family members, can be very enticing to our children. If the parents are recent converts, used to the emotional appeal and holiday atmosphere of Christmas, there may be a big emotional pull for them too.

As the new convert strengthens his belief in Islam and his spiritual values, the material aspects of Christmas can be phased out gradually. He may find a way to take a limited part in the celebration of the holiday without going deeply into it, accepting family invitations and the like, so long as it does not harm his faith or his children's. Wisdom must simply be used in knowing when enough is enough.

In this vein, many converts continue to give Christmas presents to parents and other near relatives who may be hurt by their rejection of this holiday – and, in the case of Christian relatives, of all it stands for religiously. If grandparents or other family members insist on giving Christmas gifts to a Muslim child, this can be accepted graciously as an act of love. When children are older, they can be told, "Grandma loves you and wanted to share that with you. Christmas is not our holiday, but we like sharing with Grandma and the family. And pretty soon we will have Eid, with presents." In this case we can be guided by the ahadith related to the subject:


The Messenger of Allah (saw) sent a gift to Umar ibn al-Khattab (r), and Umar (r) returned it. The Messenger of Allah (saw) said, "Why did you return it?" He said, "O Messenger of Allah, did you not tell us that it is better for us not to take anything from anyone?" The Messenger of Allah (saw) said, "That is through asking. Provision which Allah gives you is different from asking." Umar (r) said, "By the one in Whose hands my soul is, I will not ask anything from anyone, and anything that comes to me without my asking for it, I will accept." (Muwatta)

Muslims are not alone in dissociating themselves from the celebration of a holiday which has become so commercialized and devoid of nearly all higher significance. We can say, "We respect and love Jesus as one of the greatest of all prophets, and we don't want to participate in celebrating an occasion that really has nothing to do with him. After all, no one really knows what day he was born on, and it is almost certain that it was not December 25th." This may have a more tactful effect than more aggressive statements such as, "We have our own holidays and that's enough for us," or "We don't believe that Jesus was the Son of God, so how can we celebrate his birthday," or "Christmas is basically a pagan holiday and we don't want to have anything to do with it."

In any case, over time, it will become easier to phase out such practices with gentle discouragement, and will probably be more productive than making issues and hurting people's feelings. It is wiser in the long run not to overreact to the "contamination" of our children. Life needs to be kept in perspective.


*(from the book The Child In Islam, by Norma Tarazi)*

# Ang Nakabaligtad na Retina




Ang mata ng tao ay may retina – isang lamad na may halos 120 milyong selula na tinatawag na mga photoreceptor. Nasasagap nito ang sinag ng liwanag at ginawang electric signal. May nabubuong mga larawan pagdating ng mga signal na ito sa utak. Sinasabi ng mga ebolusyonista na ang puwesto ng retina sa mata ng mga vertebrate, o nilalang na may gulugod, ay patunay na walang nagdisenyo sa mata.

**Pag-isipan:** Ang retina ng mga vertebrate ay nakabaligtad kaya nasa likod nito ang mga photoreceptor. Para makarating dito, kailangang dumaan ng liwanang sa ilang suson ng selula. Ayon sa ebolusyonista at biyologong si Kenneth Miller,




"dahil sa ganitong ayos, kumakalat ang liwanag anupat mas kaunting detalye ang nakikita natin kaysa sa maaari nating makita."

Kaya sinasabi ng mga ebolusyonista na ang pabaligtad na retina ay katibayan ng pangit na disenyo – o talagang hindi dinisenyo. Sinabi pa nga ng isang siyentipiko na "walang-kuwenta ang pagkakaayos ng nakabaligtad na retina." Pero ipinapakita ng higit pang pagsasaliksik na tamang-tama ang puwesto ng retina sa tabi ng pigment epithelium – ang suson ng selula na nagbibigay ng oksiheno at nutrisyon na mahalaga sa matalas na paningin. "Kung ang himaymay ng pigment epithelium ay ipupuwesto sa harap ng retina, makasasama ito sa paningin," ang isinulat ng biyologong si Jerry Bergman at optalmologong si Joseph Calkins.

Ang nakabaligtad na retina ay tamang-tama sa mga vertebrate na maliliit ang mata. Sinabi ng propesor na si Ronald Krŏger, ng University of Lund sa Sweden: "Dapat na may tamang distansiya sa pagitan ng lente ng mata at ng mga photoreceptor para maging malinaw ang paningin. Dahil puno ng nerve cell ang distansiyang ito [ang retina], nakatipid sa mahalagang espasyo ang mga vertebrate."

Bukod diyan, dahil dikit-dikit ang mga nerve cell sa retina at malapit sa mga photoreceptor, mabilis at tumpak nitong nasusuri ang mga nakikita ng mata.

Ano sa palagay mo? Ang pagkakaayos ba ng nakabaligtad na retina ay mali at nagkataon lang? O may nagdisenyo nito? *(Gumising!)*



“Isang napakasopistikadong ilegal na pagbebenta ng mga parte ng katawan ng hayop ang kontrolado ng malalaking sindikato at nagiging dahilan ng pagkaubos ng mga species na minamahal ng tao . . . sa lawak na hindi pa nangyari kailanman.”—WILDLIFE CONSERVATION SOCIETY, E.U.A.



Ang presyo ng sungay ng rinoseros na ginagamit sa medisina ay umabot ng $65,000 (U.S.) kada kilo. Noong 2011, sa South Africa pa lang, 448 rinoseros ang iniulat na pinatay ng mga ilegal na mangangaso. Ang mga museo at auction room sa Europa ay nilolooban ng mga gang na naghahanap nito. Sinasabing nanganganib pati ang mga rinoseros na nasa mga zoo sa Europa.



Halos 40 porsiyento ng pagkain sa bansang USA ang nasasayang, ayon sa Natural Resources Defense Council. Halimbawa, tinatayang 7 porsiyento ng mga pananim ang hindi na naaani, 17 porsiyento ng mga pagkain sa mga restawran at mga kapitirya ang hindi nakakain, at mga 25 porsiyento ng mga pagkaing binibili ng mga pamilya ang itinatapon nila.

**SILIP BALITA**

Source: Gumising!


Sa Republika ng Georgia, “79.2 porsiyento ng populasyon . . . ay nakalalanghap ng usok ng sigarilyo ng iba.” Sa Tbilisi, na kabisera ng bansa, “87.7 porsiyento ng mga bata ang apektado.”—TABULA,GEORGIA.



Sa Netherlands, isang 83-anyos na babae ang kauna-unahang tumanggap ng artipisyal na pangang yari sa titanium na binuo gamit ang isang 3-D laser printer. Nasira ang panga ng pasyente dahil sa impeksiyon sa buto. Pero ngayon, nakakakain, nakakahinga, at nakakapagsalita na siya nang normal. Unti-unting binuo ng laser printer ang mga partikula ng titanium para makagawa ng panga, saka ito ikinabit sa pasyente sa pamamagitan ng operasyon.



“Ang bilang ng mga gumaling sa kanser sa U.S.A. ay dumami nang apat na beses mula noong 1971 anupat umabot sa bilang na mga 12 milyon . . . Ang pagdami ng mga gumaling ay maaaring dahil sa mas maagang diyagnosis, mas epektibong paggamot, at mas pinahusay na patuluyang pangangalaga.”—UC BERKELEY WELLNESS LETTER,E.U.A.



## Whisper

Stirring my coffee
Staring right in front of me
Thoughts flies like echoes
Reverberating the past
Silence whispered... I'm alive.

(Jonathan Medida, poetrysoup.com)









Laurencio Bulosan Jr.
Pinoy Snappers Kuwait

porlakshots